# TATAY KO SI BOYET

Christopher Bryan Concha

Walang duda. Si Boyet nga ang tunay kong ama.

Sa kaniyang makakapal na kilay, matangos na ilong, hugis ng panga, nangungusap na mga mata at nakasisindak na titig, tila tumitingin ako sa salamin sa tuwing pinanonood ko sa telebisyon o pelikula ang beteranong aktor na si Christopher de Leon. Boyet kung tawagin ng kaniyang kapamilya o malalapit na kaibigan.

Maaga akong namulat sa kaniyang pag-arte dahil sa pagiging panatiko ni Mama sa kaniya. Hindi mahilig manood ng sine si Mama. Sa kaniya ko yata namana ang pagiging kuripot. Sa tuwing niyayaya siya ng kaniyang mga kumare, palagi siyang nagdadahilan na abala o may kailangang tapusin. Pero ang totoo, namamahalan lang siya sa tiket. Para sa kaniya, hindi sulit na gumastos para lang sa mahigit dalawang oras na pag-upo at pagpapalamig sa loob ng sinehan. Hindi pa tiyak kung magiging maganda ang pelikula. Mas gugustuhin pa niyang hintayin na magkaroon ng kopya nito sa Video City. Nakamura na, one to sawa pa ang panonood.

Pero hindi ganito ang senaryo sa tuwing may pelikula si Boyet, lalo na kung sa taunang Metro Manila Film Festival (MMFF). Bukod sa mas may badyet si Mama dahil Pasko, hindi niya matiis na palagpasin ang pagkakataong mapanood sa big screen ang iniidolong aktor. Parang naging panata na niyang suportahan ang bawat pelikula ni Boyet. Labing-walong taong gulang daw siya nang ma-love-at-first-sight sa aktor dahil sa *Tinimbang Ka Ngunit Kulang* (1974) ni Lino Brocka. Palaging ipinagmamalaki sa akin ni Mama na bagama't 'yon ang kauna-unahang pelikulang pinagbidahan ni Boyet, nagwagi agad siya ng FAMAS Best Actor award. Dinaig pa ang mga beteranong aktor tulad nina Dolphy, Ramon Revilla, Joseph Estrada, at Ronaldo Valdez. Ganoon daw katindi umarte ang isang Christopher de Leon. Mararamdaman ang emosyon kahit walang binibitawang salita. Titig pa lang, kumokonekta na sa kaluluwa mo. Malayo raw sa mga aktor ng kasalukuyang henerasyon. Hindi na nga makaiyak, sablay pa pagbibitaw ng mga linya. Puro papogi at pa-cute lang daw.

Kaya nga hindi na rin ako nagtataka kung bakit ang unang pelikulang napanood ko sa sinehan batay sa aking pagkakaalala ay ang *Mano Po 2* (2003) ni Erik Matti.

Hindi ko makakalimutan ang araw na 'yon dahil doon ko nakilala ang alter ego ni Mama. Bagama't normal naman sa mga batang mapagalitan ng magulang, minsan lang mag-beast mode si Mama. Mas nakakatakot. Sa oras na magising ang dragon sa kaniya, talagang mapapadasal ka sa lahat ng santong maaari mong tawagin. Paano ba naman kasi, buryong-buryo na ako sa pelikula. Keber ko naman ng mga oras na 'yon sa awayan ng tatlong misis na nag-aagawan sa iniwang mana ng kanilang naaksidenteng mister – papel na ginampanan ni Boyet. Hindi ko nga alam kung bakit ako pinapasok. Imagine, limang taong gulang lang ako noon tapos agawan ng asawa at mana ang pinanonood ko.

Nangangalahati pa lang ang pelikula pero panay na ang aya kong umuwi. Hindi ako pinapansin ni Mama. Nakatuon pa rin ang atensyon sa screen. Pero hindi ako nagpadaig sa pandededma niya. Kinalabit ko siya nang kinalabit, kasabay ng paulit-ulit na pagsusumamo na huwag nang tapusin ang pelikula. Sinabayan ko rin ng pagngawa para kumpleto ang production number. Hanggang sa tuluyan nang nalipat sa amin ang atensyon ng iba pang mga nanonood. Mga nakabusangot at halatang-halata ang inis sa nililikha kong ingay. May ibang hindi na nakatiis at sinabihan na rin si Mama na patigilin ako. Ilang saglit pa, nakilala ko ang ibang katauhan ni Mama.

Lumabas ako ng sinehan na bukaka ang lakad. Iniiwasang maipit ang kumikirot na singit. Sariwang-sariwa pa mula sa pangungurot ni Mama. Hindi ko alam kung dahil ba ito sa inis niya sa pag-eeskandalo ko sa loob o sa inis niya na may tatlong naggagandahang aktres na nakaiskor kay Boyet sa pelikula. Nang sumunod na MMFF, muli akong sinama ni Mama para manood ng sine. *Mano Po III: My Love* (2004) naman ni Joel Lamangan ang pelikula. And as usual, si Boyet na naman ang bida. Pero sa pagkakataong ito, tumimo na ang aral ng kahapon. Hindi na ako nangulit o ngumawa. Tinulugan ko na lang ang buong pelikula

Akala ko sa sinehan ko lang mararanasan ang Boyet fever ni Mama. Wala rin pala akong ligtas kahit sa panonood ng telebisyon. Dahil dadalawa lang kami sa bahay, kami lang din ang nag-aagawan sa remote ng TV. Kaya napagpasyahan namin na magkaroon ng toka sa paghawak ng makapangyarihang remote. Kapag weekdays, si Mama ang may kontrol nito dahil halos buong araw rin naman ang pasok ko sa eskuwela. Hindi ko na

rin magawang makanood sa gabi dahil pagod na o may kailangang tapusing takdang-aralin. Tuwing Sabado at Linggo ko lang nasosolo ang TV. Unfair ang hatian.

Kaya naman kapag weekends, sinisiguro kong sulit ang bawat oras. Walang pahinga sa kakapanood mula umaga hanggang gabi. Nakapila na ang mga piniratang DVD na binili namin sa Quiapo. Inihanda ko na ang pagkakasunod-sunod. Kalimitang Horror muna sa umaga para malimutan ko rin ang takot kinagabihan. Susundan ito ng mga aksyon at barilan mula tanghali hanggang hapon. Feel good movies naman sa gabi para happy thoughts lang bago matulog. Pero may mga pagkakataong inilalaan ko ang gabi sa panonood ng bakbakan sa SmackDown o Raw sa Jack TV. Masugid akong tagahanga ng WWE noon. Inaaway ko pa ang mga nagsasabing scripted ito.

Isang Sabado, maaga pa lang ay sinabi ko nang may panonoorin akong laban sa gabi. Ang comeback ng lodi kong wrestler na si Undertaker sa ring. Hindi ko 'to maaaring palagpasin. Kahit kasi ako ang nakatoka tuwing weekends, may pagkakataong naglalambing si Mama na makasingit kahit saglit para manood ng MMK. Lalo na kung ang mga tipo niyang artista ang bida. Pinagbibigyan ko naman. Huwag nga lang matapat 'pag may inaabangan akong laban.

Kinagabihan, nananabik kong inilapag sa mesa ang biniling tsitsirya kasalo ang nagyeyelo pang softdrinks. Komportableng ipinuwesto ang sarili sa upuan. Handa na ang lahat. Hinihintay na lamang magsimula ang bakbakan. Pero napatigil ako nang makita si mama sa gilid. Kinutuban na ako. Mukhang alam ko na ang susunod na mangyayari. At 'di nga ako nagkamali. May pakiusap si Mama. Ang totoo, nahihiya raw siya dahil alam niyang oras ko 'yon ng panonood. Pero si Boyet daw kasi ang tampok na aktor sa MMK. Hindi pa uso ang iWant app o YouTube noon. Hindi ko masabing maaari naman niyang panoorin ang episode na 'yon sa cellphone. Wala na akong nagawa. Ako na lang ang nagpaubaya. Kahit gaano ko kagustong mapanood ang comeback ni Undertaker, mas mahalaga pa rin sa 'kin na makitang masaya si Mama. Kahit minsan, pakiramdam ko mas matimbang pa si Boyet sa puso niya kaysa sa 'kin. Amp. It really hurts ang magmahal ng ganito. *insert Mimiyuuuh dance step*

Tulad ng nauna kong tsika, isa kami ni Mama sa masusugid na parokyano ng mga piniratang DVD sa Quiapo. Ang puwestong 'yon na malapit sa pasukan ng underpass papuntang simbahan ng Quiapo ang isa sa

mga unang lugar na nakabisado ko sa Maynila. Hindi kami basta bumibili sa bungad. Mas mahal doon at mas mahirap makipagtawaran. Kalimitang sa kasuluk-sulukan kami namimili. Kung saan uubra ang kinse pesos kada DVD. At hindi lang mga pelikula ang sinasadya namin, pati rin mga piniratang album. Ang mga tinig nina Zsazsa Padilla, Lani Misalucha, Regine Velasquez, Gary Valenciano, Martin Nievera, Pops Fernandez, at siyempre sino pa ba – ni Boyet, ang kadalasang gumigising sa 'kin tuwing Linggo. Pero sa lahat ng CD na mayroon si mama, tanging kay Boyet lang ang original. Tinanong ko siya kung bakit kailangan pa niyang bumili ng orig na album kung mayroon naman sa Quiapo. Inirapan lang niya ako at sinabing mas maganda raw ang boses ni Boyet kapag original ang CD.

Pero bukod sa pagsuporta sa mga pelikula, teleserya at album ni Boyet, sinusundan din ni Mama ang personal na buhay ng aktor. Mula sa pagpapakasal nito kay Superstar Nora Aunor noong 1975, sa hiwalayan nila makalipas ang limang taon, sa muling pagpapakasal ni Boyet sa aktres namang si Sandy Andolong, sa pagpapalipat-lipat ng network hanggang sa pagpasok sa politika. Kung taga-Batangas lang daw sana kami, tiyak na magvo-volunteer siya para ikampanya si Boyet. Magiging mahusay na kongresista raw sana ang aktor kung nanalo lamang ito noong 2013. Ang sabi ko naman, sana sumubok muna siyang mahalal muli bilang board member bago nag-ambisyong makapasok ng kongreso. Patunayan munang may ibubuga sa lokal na pamahalaan bago sumabak sa mas mataas na puwesto.

Hindi ko maikakailang may hitsura nga at maituturing na isa sa pinakamahusay na aktor ng bansa si Boyet. Pero hindi ko maunawaan kung bakit deds na deds si Mama sa kaniya. Baka dahil panatiko lang siya ng aktor. Hindi ko rin alam dahil hindi pa naman ako humanga nang ganoon sa kaninomang artista. Ang iniisip ko na lang, basta masaya si Mama, maligaya na rin ako. Masyado nang maraming pinagdaanang hirap si Mama. Bakit ko naman ipagkakait ang tanging lalaking walang ginawa kundi ang pasiyahin at pakiligin siya (opkors bukod sa 'kin)?

Minsan, kapag sinasaniban ng espiritu ng kasipagan, napagtritripan kong maglinis ng bahay. Paborito kong ayusin ang sari-saring gamit na nasa mga storage box. Madalas na nauubos ang maghapon sa pag-aayos pa lang ng isang kahon. Paano ba naman, lagi't laging may stopover sa iba't ibang alaala ang bawat gamit na makikita ko. Halimbawa ang mga nakatagong class picture mula elementarya hanggang hayskul. Ikinukumpara ko kung paano nagbago ang hitsura ko sa mga nagdaang taon. O 'di kaya nagkaroon

man lang ba ako ng pagkakataong makuhanan nang nakatayo? Bakit ba kasi laging nasa ibaba at naka-indian seat ang mga hindi nabiyayaan ng height na gaya ko?

Maya-maya pa'y nabaling naman ang atensyon ko sa isang lumang brown envelope na puno ng mga larawan. Mahilig kumuha at magtabi ng mga larawan noon si mama. Patunay rito ang pitong malalaking album na nakatago sa bahay. Hindi lang ito basta album. Gawa sa matigas na karton ang bawat pahina nito.  Personalized din ang disenyo at may mga caption pang nakalakip sa ibaba ng mga larawan. Nilalaman nito ang mga kuha niya noong kabataan niya hanggang sa magdalaga, maging ang ilan sa mga kuha niya nang minsang magtrabaho sa Hong Kong at Singapore bilang domestic helper. At siyempre, hindi mawawala ang mga larawan niyang kasama si Papa. May nakaukit pang Grace <3 Edgar forever. Nahiya ang JaDine, KathNiel, at LizQuen. Bagets na bagets. Kapag tinatanong ko kung bakit itinatabi pa rin niya ang album na 'yon, palagi lang niyang isinasagot na sayang naman kung itatapon. Masaya o mapait mang alaala, bahagi pa rin daw 'yon ng kaniyang nakaraan.

Nagtaka ako kung bakit nakahiwalay ang mga larawang nasa lumang brown envelope sa pitong album na ginawa ni mama, kaya inisa-isa ko ang laman nito. Nakita ko ang ilang larawan ni ate mula sa kaniyang ballet class noong bata pa. Naroon din ang aking mga baby picture at ang mga kuha sa aking 1st birthday celebration sa Jollibee. Naisip ko, siguro hindi na nagkaroon ng oras si mama na gumawa muli ng album kaya itinabi muna niya ang mga ito. Nagpatuloy ako sa pagtitingin hanggang sa mapahinto nang sumulyap sa akin ang isang larawan ni mama kasama ang isang pamilyar na mukha – si Boyet.

Nabigla ako. Naalala ko ang pang-aasar kay mama na hanggang TV screen lang ang pagpapantasya niya sa aktor. Kako, baka naman hindi ganoon kapogi si Boyet sa personal. Nadadaan lang sa filter o editing para gumanda ang rehistro sa screen. Tumawa lang siya at hindi pinatulan ang pang-aalaska ko. Iyon pala, noon pa niya nakita ang aktor. Tinitigan kong mabuti ang larawan. Una kong napansin ang pag-akbay ni Boyet kay mama. Aba! Parang may iba. Kalimitan namang umaakbay ang artista sa mga tagahangang nagpapakuha ng larawan. Pero iba ang lapit nilang dalawa ni Mama. Dikit na dikit masyado. Iba rin ang pahiwatig ng kanilang mga ngiti. May halong kilig. Sinuri ko ang iba pang detalye sa larawan. Parang nasa isang pagtitipon sila. Maraming mesa sa likuran. Nasa ibabaw ng mga ito

ang mga bawas nang pagkain at mga alak. May mga lobo't palamuti rin sa kisame. Festive ang dating. Mukhang malaking handaan. Itinabi ko muna ang larawan at tinapos ang naudlot na pag-aayos.

Pagkatapos kong maglinis, agad kong pinuntahan si mama. Naghihiwa siya ng sibuyas para sa aming hapunan. Tumabi ako sa kaniya. Tinanong ko muna siya ng kung anik-anik bago mag-segue tungkol sa 'kontrobersyal' na larawan. Nang makakuha ng tiyempo, muli kong tinanong kung nakita na ba niya sa personal si Boyet. Tinawanan lang niya ako ulit. Basta gwapo raw ang aktor, period. Hindi na mahalaga kung nakita nang malapitan o hindi. Muli niyang itinuon ang atensyon sa hinihiwang sibuyas. Ngunit napatigil siya nang mapansin ang winawagayway kong larawan.

"Kung hindi mo pa nakikita si Boyet, sino kaya ito?" pagtatanong kong may halong pang-aasar.

Hindi nagpahalata si mama pero alam kong nagulat siya. Ngumiti siya at sinabing matagal na raw ang larawang 'yon. Nagpakuha lamang siya kasama ang aktor sa isang piging ng kanilang kaibigan.

"Ngayon alam mo na kung bakit siguradong-sigurado ako na guwapo si Christopher de Leon, personal man o sa TV," pahabol ni mama na may kalakip na pabirong pag-irap.

Hindi ako naniwala na hanggang doon lang 'yon. Hindi convincing ang mala-Showbiz na sagot ni mama. Kitang-kita ko ang kakaibang ningning sa kaniyang mga mata nang muli niyang masulyapan ang larawan. Iba ang timpla ng ngiti. Hindi lang basta tuwa. May kasalong pananabik. Parang binuhusan ng asukal sa tamis. Daig pa ang dalagang nainlab sa unang pagkakataon. Besides, paano niya ipaliliwanag ang mala-jowa type na akbay ni Boyet sa kaniya? Nagpakuha lang pero ganoon kahigipit ang kapit at lapit sa isa't isa? Ano 'to, PBB Teens? Hindi ako nakuntento sa sagot ni Mama. Alam kong may mas malalim na istoryang naghihintay lamang na matuklasan. Pero hindi ko na siya kinulit. Kilala ko si Mama. Papasang CIA sa sobrang malihim. Alam kong hindi niya sasagutin ang mga tanong ko at sa malamang ay 'di rin seseryosohin.

Hindi ako sumuko. Natitiyak kong may sekretong nakatago sa larawang 'yon. Biglang naglaro sa isip ko kung bakit ganoon na lamang ang pagkahumaling ni Mama kay Boyet, kung bakit Christopher ang ipinangalan sa akin, at kung bakit naghiwalay sila ni Papa nang ipinanganak ako. Hindi kaya magkakakonekta ang mga pangyayaring ito? Hindi kaya…si Boyet ang

tunay kong Ama? May posibilidad ba na kaya hindi ako tinanggap ni Papa bilang anak ay dahil isa akong paalala ng pagtataksil sa kaniya ni Mama kay Boyet? Mabibigat na paratang ito. Mahirap paniwalaan. Kailangan kong humanap ng mga ebidensyang magpapatunay sa mga hinuha ko.

Kaya naman, gumawa ako ng sariling imbestigasyon. Inilabas ko ang aking inner detective skills. In short, tamang hinala. Inalala ko rin ang mga natutuhan ko mula sa panonood kina Detective Conan at Annalise Keating. Una kong nilapitan ang pinakamatanda sa kanilang magkakapatid – si Auntie Imelda. Sinadya ko pa siya sa bahay nila sa Lagro para lang sa kasong 'to. May katalasan pa rin ang memorya ni Auntie Imelda kahit nasa 70s na. Pero mas madalas, nag-uulyanin na.

Ipinakita ko sa kaniya ang larawan at tinanong ko kung ano ang istorya sa likod nito. Ayon sa kaniya, noong araw, ang pamilya raw namin ang isa sa may pinakamalaking hardware store sa Kamuning. Isa raw sa aming bigating kliyente ay doktor sa Dr. Jesus C. Delgado Memorial Hospital, na katapat ng aming hardware store. Nang magdiwang ng kaarawan ang doktor, inimbitahan niya sina lolo. Nagkataong kakilala rin ng doktor ang artistang si Boyet kaya't nakarating din sa pagtitipon. Na-starstruck daw sila nang makita ang aktor, lalo na si Mama. Talagang makalaglag-panga raw ang kagwapuhan. Sa dating at awra pa lang, alam mo nang artistahin. Bago umuwi, pinilit daw ni Mama si Auntie Jocelyn, na samahan siyang magpakuha ng larawan kay Boyet. Mukhang positive ang alibi ni Mama. Walang malisya ang larawan.

Isasara ko na sana ang kaso. Ang kaso, naalala kong binanggit ni Auntie Imelda si Auntie Jocelyn na siyang sumama at kumuha ng litrato. Nasa kolehiyo pa lamang, magbespren na si Mama at Auntie Jo. Si Mama ang naging tulay ng kuya niyang si Uncle Ed para maligawan si Auntie Jo. At kahit magboypren pa lang sila ni Uncle Ed, itinuring na agad siyang pamilya at isinasama na rin sa mga pagtitipon katulad ng nasa larawan. Sinamantala ko na ang pagiging magkalapit namin ng bahay nina Auntie Jo. Mayroon kasi silang karinderya malapit sa USTe. Marahil mas may alam siya dahil naroon siya mismo sa pinangyarihan ng krimen, este ng kodakan.

Hinintay ko munang humupa ang bugso ng mga Tomasinong kumakain sa kanilang dinarayong resto. Bandang alas-dos na rin nang lapitan ako ni Auntie Jo. Hindi ko muna pinahalata ang tunay kong sadya. Kinumusta ko muna siya tungkol sa takbo ng negosyo at sa pinaplanong pagtakbo ni Uncle Ed sa parating na halalang pambarangay. Nang matapos ang mahaba-habang tsikahan, pasimple ko nang inilabas ang larawan.

Tinanong ko siya kung ano ang tunay na istorya sa likod nito. Kinumpira niya ang mga naunang sinabi ni Auntie Imelda. Totoong kuha 'yon sa kaarawan ng kliyenteng doktor nina Lolo. Totoo rin daw na pinilit siya ni Mama na samahang magpakuha ng larawan sa aktor. Pero may sekreto raw ang gabing 'yon na tanging sila lamang ni Mama ang nakakaalam.

Ito raw ang unang pagkakataon na may pagsasabihan siya sa totoong nangyari sa piging. Bigla akong napalunok. Pagkatapos daw ng kodakan, lumapit si Boyet kay Mama. Tinanong daw ng aktor ang pangalan ni Mama. Sinabi raw ng aktor na masaya siyang makilala si Mama at nagpahaging na sana'y masundan pa ang kanilang naging pagtatagpo. Nagpaalam daw si Boyet na abot-tainga ang ngiti. Sumimpleng lingon pa raw para muling masilayan si Mama. Ramdam daw niya ang pagkakilig ng aktor. Halata ang pamumula. Sigurado raw siyang na-love at first kodakan si Boyet kay Mama.

Aliw na aliw ako sa kuwento ni Auntie Jo na parang rumorolyo sa isip ko ang mga eksena. Lumakas lalo ang kutob ko na baka si Boyet nga ang tunay kong Ama. Nahaluan ng kaba ang kilig ko habang nakikinig kay Auntie Jo. Baka siya na ang susing magbubukas ng katotohanan sa aking pagkatao. Kumakabog ang dibdib kong inabangan ang mga sumunod niyang pagbabahagi.

"Pero alam mo, sayang din sila ng Mama mo. Iyon na rin kasi ang huli nilang pagkikita," malungkot na pagbabahagi ni Auntie Jo.

Parang bumagsak ang katawan ko. Nawala ang kilig, nawala rin ang kaba. Napalitan ng panghihina. Maging siya ay nanghihinayang na hindi natuloy ang pagtitinginan nina Mama at ng aktor. Wala raw naganap na palitan ng detalye o kung anoman. Siguro nakalimutan na raw ni Boyet kuhanin dahil nga caught up in the moment sila ng mga sandalling 'yon. Pero kung may FB Messenger o Viber lang daw sana noon, baka sakaling natuloy pa ang kanilang love story. Kaso hanggang doon lang daw talaga ang naging istorya ng ChrisElna (Christopher-Elena) love team.

Pagkatapos daw ng piging, lalong namayagpag ang showbiz career ni Boyet. Samantalang si Mama, nakilala naman si Papa. Nagkapalagayan ng loob at kalaunan, nagpakasal din. Dalawang taon matapos ang kasal nina Mama at Papa, naging laman naman ng balita ang pag-iisang dibdib nina Boyet at Superstar Nora Aunor. Nalungkot daw si mama nang malaman ito. Mula noon, panay mga pelikula na raw ni Vilma Santos ang tinangkilik ni Mama. Naging certified Vilmanian. At sa tuwing nababanggit sa usapan si

Ate Guy, nagiging iritable si Mama. Walang-wala raw ang aktres sa husay ni Ate V. Ngayon alam ko na kung bakit gustong-gusto ko ang mga pelikula ni Ate V, lalo na ang Anak (2010). Mukhang napalaki ako sa doktrina ng Vilmanians.

Mali ang palagay ko. Hindi pinagtaksilan ni Mama si Papa. At lalong hindi si Boyet ang tunay kong ama. Isinara ko ang kaso nang mabigat ang kalooban. Aaminin ko, nalungkot ako kahit alam ko namang suntok sa buwan ang lahat ng mga hinalang 'to. Siguro gaya sa pelikula, umasa ako na baka ito na ang major plot twist sa buhay ko. Marahil isa itong ilusyon na bunga na rin ng aking desperasyong masagot ang tanong na patuloy na gumugulo sa aking pagkatao – bakit hindi ako nagawang tanggapin ni Papa bilang anak?